Mayo 20, 2025

Para sa: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID at SGOD
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Secondarya
Sa iba pang Kinauukulan

Kalakip nito ang liham mula sa Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo sa pamamamagitan ng kanilang Nanunuparang Puno, May Arlene DG. Torres patungkol sa PAGGUNITA SA ARAW NG PAMBANSANG WATAWAT na ginugunita tuwing ika - 28 ng Mayo. Bilang pakikiisa sa taunang paggunita, ang nasabing tanggapan ay hinihiling na matiyak ang paglalagay ng watawat sa mga paaralan alisunod sa isinasaad ng Flag and Heraldic Code of the Philippines (RA No. 8491).

Para sa kabatiran ng lahat.

Para kay: **NORMA P. ESTEBAN, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**MARIA CELINA L. VEGA, CESO VI**
Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Nanunuparang Puno
Opisina ng Tagapamanihala ng mga Paaralan

**Liham Pansangay**
Blg. 037 s. 2025

PHACTO RELEASED
DATE: 05-15-25
CONTROL NO.: 025-326

LALAWIGAN NG BULACAN 1578 SAGISAG

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN**
LUNGSOD NG MALOLOS

PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KASAYSAYAN, SINING, KULTURA AT TURISMO

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
MAY 16 2025
By:
Time: 9:10a

DepEd - SDO of Bulacan
RECEIVED
MAY 15 2025
BY:

14 Mayo 2025

**DR. NORMA P. ESTEBAN**
Schools Division Superintendent
DepED, Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Sa Atensyon Ni: **Dr. Virgilio L. Laggui**
AP Supervisor

Mahal na **Doktor Esteban:**

PAKSA: Paggunita sa Araw ng Pambansang Watawat

Tuwing ika-28 ng Mayo ay ginugunita sa buong Pilipinas ang Pambansang Araw ng Watawat, ang unang pagkakataon na iwinagayway ang pambansang simbolo sa pangunguna ni Heneral Emilio Aguinaldo matapos ang tagumpay ng mga Pilipinong rebolusyonaryo laban sa mga Kastila noong Mayo 28, 1898. Pormal na ipinakilala ang pambansang watawat sa araw ng pagpapahayag ng kalayaan noong Hunyo 12, 1898 sa Kawit, Cavite. Dahil dito, ang paggunita ay nagsisimula sa ika-28 ng Mayo at nagtatapos sa ika-12 ng Hunyo.

Bilang pakikiisa sa taunang paggunita sa araw na ito, magalang po naming hinihiling na matiyak ang paglalagay ng watawat sa mga paaralan alinsunod sa isinasaad sa Section 26 of the Flag and Heraldic Code of the Philippines (Republic Act No. 8491):
During this time, all offices, agencies and instrumentalities of the government, business establishments, educational institutions, and private homes are encouraged to display the Philippine flag.

Gayundin, magalang naming hinihiling ang pagmonitor sa mga paaralan na natitiyak na nasa maayos na kondisyon ang kanilang watawat sa buong taon tulad ng isinasaad sa Section 14 of the Flag and Heraldic Code of the Philippines (Republic Act No. 8491):
Mandates that worn-out flags should not be discarded but instead, solemnly burned to prevent misuse or desecration. The flag should be replaced immediately upon showing signs of wear and tear.

Inaasahan po namin ang inyong positibong pagtugon sa aming kahilingan. Makikipag-ugnayan po sa inyo at maaari n'yo rin pong makaugnayan si G. Jomar Camua sa numero bilang 0928-7169535. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**MAY ARLENE DG. TORRES**
Nanunuparang Punó

H&H-JDC-FLAG DAY 25

*Hiyas ng Bulacan Cultural Center: Sentro ng Kasaysayan. Sining, Kultura at Turismo Antonio S. Bautista, Bulacan Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan 3000*
***Email:phacto@bulacan.gov.ph***